Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-6 NG HULYO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier ............ Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............. Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............. Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............. Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco .......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 080-T'98

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA IDEKLARA ANG BARANGAY SAN PABLO NORTE, BAYANG ITO NA NASA "STATE OF CALAMITY" DAHILAN SA PAGBABARA NG MGA WATERLILY SA NASASAKUPANG ILOG NG NABANGGIT NA BARANGAY.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng pamunuan ng Brgy. San Pablo Norte na ideklara ang naturang barangay na nasa "state of calamity" dahilan sa pgbabara ng mga waterlily sa ilog na sakop nito;

SAPAGKA'T, dahilan sa kalagayang ito ay hindi makadaan at makapunta ang mga mangingisda sa laot ng lawa na kanilang pinangingisdaan;

SAPAGKA'T, lubhang nababahala ang maraming mga mamamayan ng nabanggit na barangay na maapektuhan ang kanilang kabuhayan na tanging pangingisda ang kanilang inaasahan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na hilingin sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na ideklara ang Brgy. San Pablo Norte na nasa "state of calamity" dahilan sa pagbabara ng mga waterlily sa nasasakupang ilog ng nabanggit na barangay.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan, Brgy. San Pablo Norte, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTITIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan